

1

“Alex, bakit naman ngayon mo pa naisipang magmaneho nang nakainom?” inis na sita ni Seth sa trainer na si Alex. Nawalan ito ng kontrol sa minamanehong motorsiklo dahil nakainom. Sumalpok ito sa isang poste ng *Meralco*. Hindi naman malubha ang naging pinsala ng binata. Bukod sa mga galos ay fractured lang ang kanang braso nito.

“I’m sorry, okay? Hindi ko naman sinadyang maaksidente.”

“But what about the team?”

Off-season noon at nakatakda na nilang simulan ang twelve-week workout and cardio training ng mga players.

“At talagang mas nag-aalala ka sa team kaysa sa akin, ha?” sumbat ni Alex sa kaibigan.

Seth pursed his lips. Alex was a vital member of his team. Bilang trainer, ito ang in-charge sa training at diet regimen ng buong basketball team.

“I’m sorry, Alex. Hindi naman sa hindi ako nag-aalala sa ’yo. Pero alam mo kung gaano kahalaga ang

susunod na season para sa *St. Theodore*.”

Mula nang maging coach siya ng *Blue Falcons* three years ago, unti-unting nakabawi sa pagkakalugmok ang basketball team. They finished second last season and they were aiming for the championship in the next season of the *Collegiate Athletic League of the Philippines*. Kaya nga bago ito opisyal na magsimula, kailangang nasa kondisyon na ang mga players niya.

Bumuntong-hininga ito. “Sorry talaga, Seth. Kasalanan ko ang lahat.”

Napailing siya. “Huwag mo nang intindihin iyon. Nariyan na ’yan, wala na tayong magagawa. Maghahanap na lang ako ng temporary trainer habang hindi ka pa gumagaling.”

“Maybe I can help. May pinsan akong physical therapist. Naging athletic trainer din siya bago siya nagtrabaho sa ospital. P’wede siyang mag-fill in muna sa trabaho ko habang nagpapagaling ako.”

“Sige, balikan mo na lang ako kapag napapayag mo siya.” Nagpaalam na siya sa kaibigan.

Napaungol si Joey nang makita ang repleksyon sa salamin. Namamaga ang paligid ng kanyang

mga mata dahil sa kaiiyak at kasobrahan ng tulog. Namumutla rin siya dahil hindi siya nasisikatan ng araw. She didn't smell good, either. Kailan ba siya huling naligo?

God, had Rupert reduced me to this unattractive, poor loser?

Nangilid ang luha niya. Kaagad siyang naghilamos. Tama na ang pag-iisip tungkol sa two-timing son-of-a-bitch na si Rupert. Tapos na ang katangahan niya sa dating nobyo. Sa wakas, naisip niyang hindi ito ang sisira sa kanyang pagkatao. He was not even worth a second of her time.

Pumasok siya sa banyo at tinimpla ang tubig sa malaking tub. Nagbuhos siya ng paborito niyang bath oil, a scent of white jasmine and mint. She stripped, soaked and stretched in the tub. Lumuwag ang mga muscles niya sa magkabila niyang balikat. Unti-unti ring nawala ang stress sa kanyang katawan.

Bakit ba hindi niya kaagad ginawa ito pagkatapos niyang mahuli ang taksil niyang nobyo na nakikipag-make out sa head nurse ng ospital, sa mismong opisina nito? Kaya naman pala mainit ang dugo sa kanya ng haliparot na babaeng iyon. May pagnanasa pala ito sa nobyo niya. Ex-boyfriend na pala.

Kalahating oras din siyang nagbabad sa tub. Maginhawa na ang pakiramdam niya nang umahon. Kahit paano ay bumalik na ang self-esteem niya. Matapos magbihis ay lumabas siya ng apartment. Ubos na ang laman ng pantry. She needed some supplies lalo't matagal siyang titigil sa bahay.

Mamaya ay uumpisahan na niyang maghanap ng bagong ospital na mapapasukan. Nag-resign na kasi siya sa *Royal Victoria Hospital*. Hindi niya matagalang makasama pa ang dating nobyo at ang babaeng ipinalit nito sa kanya sa iisang work environment. Hindi naman siya nangangamba.

Maganda ang qualifications niya. She graduated *summa cum laude* with a bachelor's degree in Physical Therapy from *University of Santo Tomas*. Kumuha siya ng master's degree sa *Queen's University* sa Kingston, Ontario noong nagpunta siya sa Canada. Bago siya pumasok sa ospital ay naging assistant trainer siya ng isang hockey team. She could land another job in no time. Hindi siya dapat magmadali.

Nagmaneho siya patungo sa grocery store para mamili ng supplies. Kumain siya ng lunch sa kalapit na diner. Magaan na ang kanyang pakiramdam pagbalik niya sa kanyang apartment. Only to be surprised by an unexpected visitor. Nakita niyang naghihintay sa

tabi ng pinto si Rupert.

“You’re not returning my calls,” sumbat nito. Ibinaba muna niya ang mga pinamili sa sahig bago ito hinarap.

“After what you did, you really expect me to talk to you?”

“You don’t understand, Joey...”

“I saw you half-naked and kissing that woman. I think I do understand what was about to happen that time had I not interrupt.”

“Joey...” Nahilot nito ang sentido.

Pinagmasdan niya ang dating nobyo. Pinakiramdaman niya ang sarili kung ano ang talagang nararamdaman niya para rito. Galit pa rin siya, but primarily because he trampled on her pride. Hindi dahil matindi pa rin ang pagmamahal niya sa binata. Ngayon nga lang niya naitanong sa sarili kung paano niya itong nagustuhan. Guwapo ito, oo. Pero bukod doon?

“Can we talk inside? I waited for you for an hour.”

Tumaas ang isang kilay niya.

“Whatever you want to say, you can say it here.

I don't want you inside my apartment."

May mangilan-ngilan siyang kapitbahay na dumaraan sa pasilyo.

"Can we talk somewhere private?"

"Spill it out, Rupert. I don't want to waste anymore of my precious time on you," matigas na pahayag niya.

Nag-isang linya ang mga labi nito. Hindi naman siya natatakot. Rupert was a weakling. Kaya nga pumatol ito sa head nurse nila.

"Carrie and I, it's just a fling. I'm not serious with her."

"Then it's about time that you try to be."

"Joey, I love you."

She sneered. "You have a strange way of proving it."

"Joey, please... give me another chance."

Umiling siya. "Sorry, Rupert. We're over, we're done. I'm ready to move on without you."

"I know I made a mistake. B-but I want you back. This relationship means everything to me."

“Wow! You really are a jerk!”

“Joey..”

“You should’ve thought about how important our relationship was to you before you stripped and ravished that bitch!”

“Joey, please...”

“Go home, Rupert. Whatever you did, I forgive you. But there is *no* chance for us to get together anymore. Not now, not ever.”

“I won’t leave you.”

“Then I’ll just have to call security.”

Noon naman lumabas mula sa kalapit na pinto ang kapitbahay niyang pulis.

“Is there anything wrong, Joey?” tanong nito na pinasadahan ng nagdududang tingin ang kausap niya. Kilala ni Tanner si Rupert. At una pa lang ay mabigat na ang dugo dito ng matandang pulis.

“No, Tanner. Rupert was just about to leave.”

Dahil alam na wala itong laban sa matandang pulis, hindi na rin nagpumilit na makipag-usap sa kanya si Rupert. Laylay ang mga balikat na tinitigan siya ng binata nang may galit.

“This isn’t over, Joey. I will have you back,” bulong nito bago lumayo.

“Jerk!” narinig niyang bulalalas ni Tanner. Napangiti siya.

“Thanks, Tanner.” Ngumiti rin ito sa kanya. She had grown fond of the old man since she moved to her apartment. Kasama nitong naninirahan sa katabing unit ang asawa nito na isa namang elementary teacher.

“If ever that SOB bothers you again, just tell me.”

“I will. Thanks again!”

Matapos i-unlock ang pinto ay dinampot ng dalaga ang dalawang paper bags ng grocery. Pagpasok niya ay kaagad niyang pinakinggan ang na-record na message sa kanyang telepono.

“Hello, ’Insan, si Alex ’to. Kung may time ka, tawagan mo naman ako. It’s urgent.”

Nangunot ang noo niya. Ngayon lang siya tinawagan ni Alex. Ano kaya ang problema ng pinsan niya?

Hindi na siya nagpatumpik-tumpik pa. Nag-place siya ng overseas call sa Pilipinas.

“Joey?”

“Yes, it’s me. Ano ’yung urgent na kailangan mong sabihin sa akin.”

“A-ano kasi, I got into an accident...”

“What?”

“It was my fault. Medyo nakainom ako at nawalan ako ng kontrol sa motorsiklo ko.”

“Alam na ba nina Tita?” nag-aalalang tanong niya. Ang alam niya ay nasa Davao ang mga magulang ni Alex. Sa Manila naman ito nagtatrabaho bilang isang athletic trainer. Katulad niya ay isa rin itong licensed physical therapist.

“Yes. Hindi naman grabe ang injury ko. But my right hand is fractured.”

Nalito na siya. Ito lang ba ang gustong sabihin sa kanya ng kausap?

“Look, Joey, may gusto lang akong itanong sa ’yo. Wala ka bang balak na umuwi dito sa Pilipinas?”

“Why? Huwag mong sabihing ako ang gagawin mong babysitter mo?”

Tumawa si Alex. “Hindi! Ano kasi, walang papalit sa iniwan kong trabaho.”

“You know I have a job here, Alex.” Hindi pa niya masabi ritong nag-resign na siya.

“Sige na, ’Insan. Kailangan ko lang ng taong magsu-supervise sa off-season workout ng mga bata. It’s only a twelve-week program.”

Aabutin din siya ng mga three months or more sa Pilipinas kung tatanggapin niya ang alok ng pinsan.

“Hindi mo naman kailangang tapusin ang buong program. Kahit mga two months lang naman. Hangga’t hindi functional itong fractured arm ko.”

“Alex...”

“Please? Just think it over. Ilang taon ka na ring hindi umuuwi ng Pilipinas. At kilala kita. I’m sure you haven’t had a long vacation since you started working. Siguro nama’y pagbibigyan ka ng superior mo kung magpapaalam ka.”

She let out a sigh.

“Pag-isipan mo muna, Joey. Kahit huwag ka munang magdesisyon ngayon.”

Sounds fair. Lumalawak ang options niya.

“Okay, sige. I’ll call you once I’ve reached a decision.”

“Thanks! I love you, Cousin!”

“I love you, too. And take care of that fractured arm.”

Lumipas ang isang linggo na hindi pa rin nakakapagdesisyon si Joey. Kahit ang paghahanap ng bagong mapapasukan ay hindi pa rin niya naasikaso. She was just enjoying her single blessedness.

She was walking home one night. Nakipagkita siya sa ilang kaibigan sa isang bar. Malapit na siya sa building kung saan naroon ang kanyang apartment nang bigla siyang harangin ni Rupert.

“Joey, please... let’s talk.”

“Rupert? What are you doing here?”

Akmang hahablutin nito ang kanyang braso, pero mabilis siyang nakaatras palayo. She smelled marijuana in his breath. At haggard na haggard ang hitsura nito. Nakadama siya ng takot kaya mabilis siyang tumakbo pabalik sa bar. Nagpahatid siya sa ilang kaibigan pauwi. Pagtapat sa building ay nagpalinga-linga siya. Naroon pa rin at nakatayo sa ilalim ng isang puno si Rupert. She knew it was him. Ramdam niya ang titig nito sa kanya. Kinilabutan siya.

Nang makarating sa kanyang apartment ay kaagad niyang ikinandado ang pinto. Sumilip siya sa bintana. Naroon pa rin ang lalaki at mukhang wala itong balak umalis. She contemplated on calling the police but decided not to. Kahit paano naman ay may pinagsamahan pa rin sila ni Rupert. Besides, ligtas siya sa loob ng apartment.

Pero paano bukas at sa susunod na mga araw? He was using marijuana. Baka nga gumagamit din ito ng cocaine. Paano kung bigla na lang itong magwala at piliting makapasok sa apartment niya? He was also stalking her. God knows kung ano ang puwede nitong gawin kapag nagkaroon ito ng pagkakataong ma-corner siya.

Kinilabutan siya sa mga tumatakbo sa isip. Kahit anong pilit niyang iwaksi ang mga alalahanin, it kept drilling inside her head.

She groaned in frustration. How the hell did she end up with a lunatic ex-boyfriend? Ngayon niya naisip na blessing in disguise iyong pagkakahuli niya sa affair nito. But how could she get rid of him? Naalala niya ang usapan nila ni Alex. Siguro naman ay hindi na siya masusundan ni Rupert sa Pilipinas.

Dinampot niya kaagad ang telepono at nag-dial ng numero ng pinsan.

“Hello, Alex? It’s me. Open pa ba ’yung job offer mo sa akin?” Sumagot ito ng oo. “Good! I’ll take it. Magpapa-book na ako ng flight pauwing Pilipinas ngayon. Tatawagan na lamang kita para sabihin kung anong oras ang dating ko ng Manila.”

Pagkatapos nilang mag-usap ni Alex ay sunod naman niyang tinawagan ang airline company. Nakakuha siya ng flight bago magtanghali bukas. Nakahinga siya nang maluwag. Pumasok siya sa kuwarto at inayos ang mga gamit na dadalhin. Matapos mag-impake ay tinawagan niya ang kanyang best friend at nagpaalam dito. Nabigla ito pero nang sabihin niya ang dahilan, nagprisinta pa itong ihatid siya sa airport. Next, she called her landlord. Advance naman ang renta niya sa apartment kaya wala siyang magiging problema.

With everything taken care of, saka pa lamang siya nakatulog.

2

Huminto ang taxi sa tapat ng gate ng *St. Theodore University* sa Parañaque. Sa bungad pa lang, impressive na ang eskuwelahan. Matapos sabihin sa guwardya ang sadya niya ay pinapasok na siya nito. Nilakad niya ang kaliwang daan patungo sa stadium. May kanugnog iyon na maliit na building na nagsilbing dugout at training gym ng *St. Theodore Blue Falcons*. She went inside the side entrance of the stadium. May mangilan-ngilang estudyante na naglalaro ng table tennis sa kabilang end. Sa bleachers ay kasalukuyang nagkaklase ang isang grupo.

May nakasalubong siyang matanda na nakasuot ng overall at may bitbit na walis at pandakot. Itinanong niya rito kung saan ang entrance papasok sa dugout. Itinuro nito sa kanya ang isang pababang pasilyo sa gitna at kakanan doon. Matapos magpasalamat ay tinungo na niya ang sadya. Huminto siya sa tapat ng pinto ng dugout, inilabas sa bulsa ang kapirasong papel na ibinigay sa kanya ni Alex.

Seth Kallen Advincula, Head Coach.

Unang mabasa niya ang pangalan, nagandahan na siya. Hindi iyon bumagay sa mental image na

nabuo niya—a burly man in his early to mid-fifties with a noticeable beer belly at medyo napapanot na ang bumbunan. Well, at least, he had a nice name.

Huminga siya nang malalim, hinawakan ang seradura at hinila pabukas ang pinto. She was greeted by a loud group of teenagers in different states of undress. May mukhang kagagaling lang ng shower at kaagad na humila ng tuwalya sa locker para takpan ang sarili. Ang iba ay naka-shorts at sando, karamihan ay hubad-baro. She gave the stunned young men a goofy smile.

“Excuse me, I’m looking for Mr. Seth Advincula.”

Isang binatilyo ang sumenyas lang sa kanya at pagkatapos ay lumusot sa isang alcove.

Pinag-aaralan ni Seth ang statistics ng kanyang mga manlalaro nang pumasok si Jerome. Ito ang power forward ng team.

“Coach, may naghahanap sa ’yo. Chicks!”

Mula sa binabasang papeles ay umangat ang ulo niya. Wala siyang inaasahang bisita maliban sa bagong trainer na ayon kay Alex ay parating ngayon.

“Sino?” kunot-noong tanong niya.

“Babae, Coach. At super ganda,” nakangising sagot nito.

Lalong lumalim ang gatla sa kanyang noo. Walang babae ang pinahihintulutan niyang pumasok sa loob ng dugout nila. At lalong wala siyang kilalang babae na puwede siyang sadyain doon.

“Ano’ng pangalan?” tanong niya. Nagkamot ng ulo ang binatilyo. Naiiling na tumayo siya. “Kayo talaga. Parang ngayon lang kayo nakakita ng babae,” sermon niya. Pangiwi itong ngumiti.

Lumabas siya ng opisina. Napahinto siya nang makita ang likod ng sinasabi nitong babae. Naka-ponytail ang mahabang buhok nito. Kita sa suot nitong fitted red t-shirt at skinny jeans ang mahubog na katawan. Pinagkakaguluhan na ang babae ng mga players niya. Walang-ingay siyang lumapit. Sa sobrang attentive ng mga binatilyo sa estranghera, sa laki niyang tao, wala man lang nakapansin sa kanya. He heard the woman giggle. A shudder ran down his spine at the sound of her sexy voice.

Tumikhim siya. Noon lang nagpulasan ang mga players. Lumingon sa kanya ang babae. And he was stunned for the second time. Hindi lang katawan nito ang sexy. Arching brows, seductive eyes that spell sex in capital letters, a small upturned nose, and lips that

could melt an ice cap, plus the deep cleft on her chin. Pakiramdam niya ay tumaas ang temperatura ng air-conditioned na kuwarto. This woman was definitely on the tip of his hotness meter!

“Hinahanap mo raw ako?” tanong niya. It was a surprise to him na buo pang lumabas ang boses niya. Pakiramdam niya ay tuyung-tuyo ang kanyang lalamunan.

“Ikaw si Seth Advincula?” kunot-noong paniniguro nito. Nagsalubong din ang mga kilay niya.

“In the flesh.” Lalong kumunot ang noo nito. Parang hindi ito makapaniwala sa sinabi niya. At gusto niyang ma-conscious nang marahan nitong hinagod ang kabuuan niya.

Damn! What did this woman want? She was making him uncomfortable by the minute.

“And you are...?”

Tumitig ito sa kanya. Sa unang pagkakataon ay hindi niya natagalan ang titig ng isang babae. Lalo na nang ngumiti ito.

“I’m Joey Milano, the new trainer.” Inilahad nito ang isang palad para makipagkamay.

“Holy shit!”

Nabura ang ngiti nito sa mga labi.

“Bakit hindi mo sinabing babae ang ipapadala mong trainer?”

Nahulaan na ni Joey kung sino ang kausap ni Seth... iyon ang pinsan niyang si Alex.

Isang malaking sorpresa sa kanya nang makaharap ito, finally. He was nothing like the old, beefy man with the beer belly kind she had in mind. He must be in his early thirties, around six feet tall, had a fit and toned body with firm muscles in all the right places. Wala rin ang ini-imagine niyang beer belly. He was undeniably good-looking, too. With wavy hair that reached his shirt collar, thick arched brows, almond-shaped eyes, straight nose and lips a little fuller at the bottom. His oval face completed his rugged looks.

Kung sa gandang lalaki ay mas guwapo si Rupert sa binata. But there was something about Seth that aroused her curiosity. Hindi pa niya masagot sa ngayon kung ano. Maybe it was his eyes.

Hindi nito tinanggap ang pakikipagkamay niya kanina. Sa halip, sinenyasan siya nitong maghintay sandali. Bumalik ito sa opisina at pasimple siyang sumunod. Nakasandal siya sa doorframe nang hindi

nito namamalayan. Hindi rin ito aware na naririnig niya ang pakikipag-usap nito sa telepono.

“I didn’t know Joey’s a woman! Sinong magulang ang magbibigay ng panlalaking pangalan sa anak nilang babae?”

Nagpanting ang tainga ni Joey. Obviously, malaking issue rito ang pagiging babae niya.

“Joey’s just a nickname, Mr. Advincula.” Bigla itong humarap, halatang nagulat nang makitang naroon lang siya sa likuran nito.

“My full name is Joeyleen. At hindi ko maintindihan ang kaugnayan ng panlalaking nickname ko sa trabahong ipinunta ko dito.”

Naningkit ang mga mata nito. “Hindi ka ba marunong sumunod sa utos? I told you to wait outside.”

Nagkibit-balikat lang siya at naupo sa isang high-back chair. “Si Alex ba ang kausap mo?”

Parang nakalimutan na nitong may kausap ito sa cellphone. Nagpaalam ito kay Alex bago siya hinarap.

“Joey, you’re a woman.”

“Yes. I’m well aware of my gender.”

“I have nothing against you personally.”

“Wow, a feminist! That’s nice to hear,” patuya niyang bulalas. Namula ang magkabilang pisngi ng binata. Gusto naman niyang bumunghalit ng tawa.

“You can’t work here. This is a man’s world.”

“And you think I can’t handle an overdose of testosterone a few hours everyday?”

“I’m more afraid that you’ll get half of my players on the disabled list on your first week.”

“Now that is an insult!” Naiinis siyang tumayo. “Ang akala ko, hindi na uso ngayon ang discrimination. Nagkamali pala ako.”

“Joey..”

“I’m here for the job, Mr. Advincula. Not to have some hokey-pokey with anyone. Hindi na bago sa akin ang ganitong environment. Kahit noong nag-aaral pa ako, nag-sideline ako bilang trainer sa varsity basketball team ng uncle ko. At sa pagkakatanda ko, wala namang nadisgrasya dahil lang sa katititig sa akin. I’m a licensed physical therapist, Mr. Advincula. Not some whore.”

“Hey, wala akong sinabing isa kang whore.”

Tumaas ang isang kilay niya, pinagkrus ang dalawang braso sa dibdib habang naghihintay ng paliwanag nito. Sandaling napunta sa cleavage niya ang mga mata ng kausap. Pero kaagad din itong nag-angat ng paningin at tinitigan siya.

“I can’t have you parading inside this dugout with those sexy clothes! Nakita mo naman siguro kung paano ka pinagkaguluhan ng mga bata.”

“They’re only boys. And I can handle them. At familiar din ako sa dress code. Rest assured na hindi ako papasok dito at rarampa nang nakahubad sa gitna ng mga players mo.”

Kumuha ito ng isang bote ng mineral water sa fridge. Umiling siya nang alukin siya nito. Parang pagod na pagod itong umupo sa swivel chair at hinilot pa ang noo.

“Okay, I get it. You won’t give me the job.” Sumulyap ito sa kanya. Dinampot niya ang shoulder bag. “Good luck sa paghahanap ng bagong trainer.”

Naiinis siya. Hindi niya itinago iyon sa coach. Inirapan niya ito bago siya lumapit sa pinto. At naiinis din siya sa pinsan niya. Umuwi siya ng Pilipinas para lang sa wala?

Iniiwasan mo si Rupert, di ba?

Oo nga pala. Well, kung tatlong buwan lang naman, sapat ang dala niyang pera para makapamuhay siya kahit walang trabaho. And it was not like she won't get one. Magpapalipas lang siya ng ilang araw bago mag-job hunting.

Pipihitin na lang niya ang seradura nang tawagin siya ni Seth. There was a defeated expression on his face when she turned to face him.

“Nasabi na ba sa 'yo ni Alex na bukas na magsisimula ang workout ng mga bata?”

Tumango siya. Binuksan nito ang drawer at kinuha roon ang duplicate key ng dugout at inihagis sa kanya. Maagap niya iyong nasalo.

“I'll expect you earlier than eight, maliwanag ba?”

Binigyan niya ito ng isang malapad na ngiti. “Of course!”

Masaya si Joey nang lumabas ng opisina nito. Kung tutuusin, there was nothing special with her newly acquired job. Pero nae-excite siya. At kahit nang sakay na siya ng taxi pauwi sa apartment na tinutuluyan ni Alex, hindi maalis sa isip niya ang mukha ng guwapong coach ng *Blue Falcons*. He had expressive eyes, a little fierce most of the time. Siguro

ay dahil hindi siya nito talaga gusto.

Oh well, narito siya para magtrabaho at hindi para makipaglandian sa members ng basketball team, and certainly not with the head coach.

Hindi pa rin makapaniwala si Seth na tinanggap niya si Joey. He kept convincing himself na dahil lang iyon sa pangangailangan niya ng isang trainer. But he knew it was only half the reason.

Nang makita niya itong papalabas ng opisina niya, nag-panic siya. Hindi niya alam kung bakit hindi niya matanggap na mawawala na ito sa paningin niya at hindi na niya muli pang makikita.

Mukhang hindi lang siya magkakaproblema sa mga players niya kapag nagsimula nang magtrabaho si Joey. Higit niyang poproblemahin ang initial attraction na naramdaman niya sa dalaga. Sana lang ay tumupad ito sa pangakong hindi ito makikipag-flirt sa mga players niya. Sabagay, mukha naman itong professional.

Paano kung sa 'yo makipag-flirt?

Out of nowhere ay umalingawngaw ang tanong na iyon. Napangisi siya.

Mr. PE Teacher Meets Ms. PT - Doreen Laroya

That would be an entirely different matter.

3

Kinabukasan, alas seis pa lang ng umaga ay nasa eskuwelahan na si Joey. Ang una niyang nabungaran pagpasok niya sa dugout ay ang hilera ng mga lockers at ilang pahabang benches. Sa kanan ay naroon ang gym. Sa kaliwang dulo naman ang shower room. Magkatabi ang opisina ni Seth at ni Alex. Kahilera rin nito ang supply room.

Una niyang pinasok ang gym at sinigurong nasa working condition ang lahat ng exercise equipment doon. She was quite impressed dahil kompleto ito sa modernong mga gamit. Halatang pinondohan talaga ng school board ang basketball team.

Bago pa man niya kausapin si Seth, na-brief na siya ni Alex tungkol sa twelve-week training program na ginawa nito. Hindi iyon kasing-complex ng mga training programs na nakita na niya. Nag-focus si Alex sa leg strength, speed, agility at vertical leap, na siyang mahalaga sa uri ng sports na nilalaro ng mga bata. Mostly, endurance exercises at plyometrics ang nasa routine. She was quite impressed by the work her cousin had put in. Wala siyang makitang dapat baguhin.

Pumasok siya sa supply room na katabi ng maliit na opisina ni Alex. Bukod sa mga shelves at cabinet ay may maliit na massage table din sa gitna. Binuksan niya ang steel cabinet at nakitang kompleto ito sa hygienic supplies pati na rin sa iba't ibang scent ng massage oils at lotions. Naroon din ang malaking first aid box. Sa isang shelf naman ay maayos na nakatupi ang ilang dosenang towels.

Seven thirty ng umaga nang pumasok ang unang miyembro ng team, si Chico. He played the center position for the team. Nagpalit kaagad ito ng workout clothes matapos siyang batiin. Ilang minuto pa'y nagsidatingan na ang labing-isa pang miyembro.

“All right, guys, listen up.” Seth’s voice boomed inside the dugout. Kailan ito pumasok sa loob? Kanina pa siya naroon pero hindi niya ito nakita. At laking gulat niya nang makitang katabi nito si Alex. Hindi nasabi sa kanya ng pinsan na pupunta rin ito roon.

“Alex, designed a twelve-week workout and cardio program. I know you should be enjoying the off-season break. But if we really want this championship, everyone has to make sacrifices.”

Everybody seemed to agree with him. Wala isa mang umangal.

“Hindi n’yo naman kailangang bunuin nang derecho ang twelve weeks. Kung sa pakiramdam ninyo’y hindi na kakayanin ng katawan ninyo, you can have a week’s break to let your body recover.” Muling sumang-ayon ang grupo. May isang nagtanong at mahusay iyong nasagot ni Seth.

“Now, here’s how it will go. Hahatiin namin kayo sa dalawang grupo. The first group will do the training, M-W-F and cardio, T-Th-S. The second group will do the training, T-Th-S and the cardio, M-W-F.”

Habang hinahati nito ang mga players sa dalawang grupo ay nilapitan niya si Alex.

“Ano’ng ginagawa mo dito?”

Her cousin eyed her guiltily. Hinila siya nito sa supply room. “Seth asked me to come over. P’wede naman daw akong mag-assist sa cardio program.”

“Bakit pa? P’wede naman niyang gawin iyon at saka may assistant coach pa siya. I can handle the leg training by myself.”

Nagkamot na lang ito ng ulo. Naningkit ang mga mata niya ay pinamaywangan ang pinsan.

“He doesn’t trust me, does he?”

“T-teka, hindi ganoon ang sinabi niya.”

“He still doesn’t believe that I can do the job,” nakasimangot na turan niya.

“Joey...”

“Bakit hindi na lang niya sabihin sa akin?” medyo mataas na ang tinig na tanong niya.

“Sabihin ang ano?” singit ng tinig ng coach. Nasa bungad ito ng pinto at nakatingin sa kanila.

She turned to him with eyes fuming.

“Oh, good! Mr. High and Mighty is here. Mabuti naman.”

Seth glanced at Alex who smiled nervously.

“Ano’ng ibig sabihin nito?” nagtatakang tanong ng coach.

“Hindi ba dapat ako ang magtanong ng ganyan? Akala ko ba’y nagkasundo na tayo na ako muna ang hahalili sa pinsan ko habang nagpapagaling siya? Bakit ngayo’y pinapunta mo pa si Alex para lang tulungan ako?”

“No offense, Joey. I figured na kailangan mo ng tulong sa mga exercises and with the equipment.”

“Why? Dahil isa akong babae? Dahil iniisip mong hindi ko magagawa nang maayos ang trabaho ko?”

hamon niya.

Nag-isang linya ang mga labi nito. Nagtagis din ang mga bagang dahil sa pinipigilang galit.

“Para malaman mo, I’m a licensed PT. I got my master’s degree from *Queen’s University*. I know every exercise routine, every fitness equipment there is. It’s not like I’m doing this for the first time. I’m not an amateur!” she ranted.

“Ah, guys, I think I better see the team. Maiwan ko na kayo.” Patalilis na lumabas ng silid si Alex.

“Please be reasonable, Joey.”

“Reasonable? Sino ba ang nangmamaliit kanino? I never begged for this job, Mr. Advincula. Sabihin mo lang kung ayaw mong narito ako at hindi ka magdadalawang-salita.”

“Ayoko lang na mahirapan ka. Besides, hindi kakayanin ng isang trainer na i-supervise ang labindalawang tao nang sabay. You need a buddy. Kung hindi naaksidente si Alex, I’d still bring someone to help him. I’m not underrating your capabilities.”

Sandali siyang nag-isip. May katuwiran naman ito. Baka nga masyado lang siyang nag-o-overreact.

“Fine,” she muttered. “Sino’ng makakasama ko?”

Seth grinned crookedly. “Me.”

Namilog ang kanyang mga mata. “No way!”

Nabura ang ngiti nito. “Bakit hindi?”

“Simple lang, I don’t want to work with you.”

“But you are working with me, *for* me! I’m the head coach, so technically, that makes me your boss.”

“Buddy system tayo, di ba? Si Derrick ang pipiliin ko.” Ang assistant coach nito ang tinutukoy niya.

“That guy’s married!”

“What?” Tiningnan niya ang binata na parang naglabas ito ng panibagong ulo. Bigla ay napatawa siya.

“Oh, Seth, you’re a chauvinistic idiot. Lumabas din ang totoo. You want to keep an eye on me so I don’t flirt with your boys.” Lumapit siya at dinuro ito sa dibdib. “Hear this, big guy! I play with men, not boys.” She gave him a once-over and then tapped his shoulder. “But don’t worry, you’re safe from me. I won’t even think of making out with you.”

She marched out of the room, leaving him with mouth agape.

“Hey!” tawag ni Seth sa dalaga. Pero nakalabas

na ito bago pa man niya mahanap ang boses niya.

Damn, the woman had guts! Wala pa siyang nakilalang babae na nagsabi sa kanya na isa siyang chauvinistic idiot.

Dalawang katok ang narinig niya. Ang nag-aalalang mukha ni Alex ang sumungaw sa pinto.

“Ah, the guys are waiting for us. Nag-uumpisa na sina Derrick at Joey sa group one.”

His teeth gritted. Talagang sinasagad ni Joey ang pasensya niya. He might as well fire her. Pero hindi! Lalo lang niyang binigyan ng justification ang iniisip nitong kaya siya naiinis dito ay natatakot siyang akitin nito ang mga players niya. He had to find another way to get even.

Like what? Seduce her?

Puwede. Ang problema ay nauna na ang galit nito sa kanya. Hindi imposibleng mag-isip ito na may ulterior motive siya kapag naging mabait siya bigla. Puwede namang dahan-dahanin. He could use his charm. It worked well before. He would reel her in and then dump her.

That is, if you don't get reeled in and dumped first.

Now that was a thought he should ponder. Hindi

isang ordinaryong babae si Joey. She definitely knew her way around. At hindi siya dapat magbaba ng depensa dahil lang may home court advantage siya.

“Seth?”

Ipinilig niya ang ulo. It was not like him na mawala sa focus at the start of a training program. But it was not everyday that he gets teamed up with a hot, opinionated trainer. He never realized *scoring a basket* could be this hard. Damn!

“Sige, susunod na ako sa field. P’wede mo nang simulan ang warm-up exercises.”

Matapos siyang bigyan ng isang nanunuring tingin ay lumabas na si Alex. He wanted to curse him and his fractured arm.

Nagdadabog na lumabas siya ng supply room. Nakita niyang inaalalayan na ni Joey ang isa niyang player na nasa bench press. He could hear her soothing voice counting and coaching the player about proper breathing. Dressed in a loose jogging pants and a t-shirt, she still looked sexy and distracting. Her breasts stuck out enticingly against the cotton shirt. Kita niya ang anino ng itim na bra nito. Was it lace or just plain sports bra?

Anak ng tokwa! Kung anu-anong kademonyohan

na ang pumapasok sa isip niya. Why couldn't he keep his eyes off her? Naiinis na siya sa sarili.

She didn't even look when he passed by her. He couldn't resist the urge to whisper.

“We're not done talking yet.”

“Oh yes, we are!” she said in a sing-song manner. “You're doing great, Allen. One more lift... inhale... exhale...” anito kahit naroon pa siya sa tabi.

At dahil siya rin ang magiging kahiya-hiya kung itutuloy niya ang komprontasyon nila sa gitna ng training, minabuti niyang lumabas na lang.

Thank God! Lumabas na rin ang asungot! ani Joey sa sarili. Sana lang hindi nito nakita ang pangingin ng kamay niya habang katabi niya ito. Tumatama sa sensitibong bahagi ng kanyang leeg ang mainit nitong hininga. Nagdulot iyon ng kiliti at isang masarap na kilabot sa kanyang buong katawan. She nearly lost her composure lalo at naamoy pa niya ang suwabeng male cologne na gamit nito. Seth smelled so fresh and so manly, he was a certified eye-candy, and his rough manner only made him more appealing.

She had always been a sucker for the bad

boy type. Kahit pa mukhang sa kanya lang naman inilalabas ng binata ang bad boy image nito. And God knows why. Noong isang araw lang naman sila nagkita.

As she went to one bench press to another barking encouragements, ang isip niya ay na kay Seth. Hindi niya maintindihan kung bakit wala itong tiwala sa kanya. He didn't look like the discriminating kind. Wala ring binanggit si Alex na masama tungkol sa binata.

Baka nagagandahan lang siya sa akin.

Get real, Joey! saway niya sa sarili. Hindi siya umuwi ng Pilipinas para lang pumasok sa isa na namang relationship. Hindi pa siya tuluyang nakakabawi sa ginawa sa kanya ni Rupert. Kahit paano, nabawasan ang tiwala niya sa mga lalaki. She didn't need any complications right now. *Focus on the job, Joey!* paulit-ulit niyang sermon sa sarili.

“Hey, Joey,” tawag ni Chico. “P’wede mo ba akong tulungan dito? I think I need more weights on this leg machine.”

She had Chico try it once more. Hindi man lang ito nag-exert ng effort na iangat ang bar. Nagpalit siya ng weights at inulit ang proseso.

“That seems fine. Just keep your legs straight. Don’t lock your knees.”

Pansamantalang nawala sa isip niya si Seth dahil sa strenuous activity sa loob ng gym. Binigyan niya ng isang oras na break ang kanyang grupo. Lumapit sa kanya ang shooting guard na si Cris at dumaing ng pananakit ng isang binti. Pinadapa niya ito sa massage table at sinimulang imasahe ang muscles nito sa binti.

“Ang sarap mo namang magmasahe, Joey,” puri ng binatilyo. She just smiled. Eksaktong pumasok si Seth at nakita ang ginagawa niya.